

Ang Sementeryo ng La Loma bilang Espasyong Pandigma, Pansanitasyon at *Recreational Park*, 1899-1945

Chen V. RAMOS

De La Salle University, Manila

chen.ramos@dlsu.edu.ph

<https://orcid.org/0000-0002-6993-6742>

Jenefy SARTE

Escuela Taller de Filipinas Inc.

jenefysarte.escuelatallerph@gmail.com

<https://orcid.org/0000-0003-4707-1220>

ABSTRAK

Ang pagtama ng iba't ibang suliraning pangkalusugan at pangkapaligiran noong ikalabing-siyam na dantaon ay naging mga salik upang makita ng pamahalaang kolonyal ng Espanya ang kahalagahan ng pagtatayo ng isang *cementerio general* sa Kamaynilaan. Ang pagpapalano at konstruksiyon ng *Cementerio General de La Loma* noong 1864 (na binuksan noong 1882 dahil sa epidemyang kolera) ay nagsilbing simbolo ng kaayusan at pag-asa sa mga Kristiyano, lalo't masama na ang estado ng mga sementeryo sa mga simbahan at mga *arrabales* noong panahong iyon. Sa pagkakatatag ng sementeryo ng La Loma, nagsimula rin ang iba't ibang mga reporma hinggil sa pangangalaga at pagpapatayo ng mga sementeryo sa kapuluan na hindi naglaon ay naging pamantayan ng sistemang pangsementeryo sa buong Pilipinas. Ang pagtatapos ng pamunuang Espanyol sa Pilipinas ay naghudyat din upang bigyan ng bagong imahen ang sementeryo ng La Loma na labas sa pangunahing layunin nito bilang espasyong nakalaan para sa mga Kristiyanong yumao. Ang bagong imahen at gampaning nito ay nakaugnay sa iba't ibang mga patakaran at ideolohiya ng mga Amerikano na nakakabit sa iba't ibang mga kondisyon na kinaharap ng bansa sa panahon ng kanilang pamumuno.

Ang pananaliksik na ito ay isang paunang pagsasalaysay sa naging gampanin ng sementeryo ng La Loma sa lipunang Pilipino mula sa mga taong 1899 hanggang 1945. Layuning maisalaysay ang kaugnayan ng iba't ibang mga suliraning pangkalusugan at panlipunan sa naging gampanin at kabuluhan nito bilang isang *war zone*, *sanitary station*, at *recreational park*. Mula rito ay mas mauunawaan ang iba't ibang mga dimensyon at kabuluhan ng sementeryo ng La Loma na hindi lamang nakasentro sa

paniniwalang Kristiyano kundi pati na rin sa pagtitiyak ng kaayusang panlipunan at pansanitasyon sa lipunang Pilipino.

Mga Susing Salita: La Loma, sementeryo, sanitasyon, digmaan, recreational park

I. PANIMULA¹

 ng iba't ibang mga suliranin pangkalusugan at pangkapaligiran noong ikalabing-siyam na dantaon ang nagbigay daan upang bigyang pansin ng pamahalaang kolonyal ng Espanya ang pagtatayo sa isang *cementerio general*² na magiging himlayan ng mga Kristiyano sa kolonya nito. Ang pagtama ng lindol noong 1863 sa Kamaynilaan ay naging hudyat upang iplano ang isang mas malaking sementeryo na may kakayahan na maglagak ng mga labi sa iisang sentralisadong espasyong pampatay. Batay sa naging obserbasyon ni Vicente Carranceja, isang *Inspector General de Obras Publicas*, mahalaga na matiyak ng kolonyal na pamahalaan ang pagkakaroon ng mga libingan na magagamit sa tuwing makararanas ang bansa ng iba't ibang mga suliranin upang hindi ito magdulot ng kaguluhan at pagkabalisa sa nakararaming Kristiyano. Ang ganitong pangamba sa pangangailangan ng bagong sementeryo ay dahil na rin sa malawakang pagkasira ng iba't ibang impraestraktura sa Kamaynilaan, kasama na ang mga sementeryo sa mga simbahan at *Cementerio General de Paco* na naging dahilan upang mawalan ng paglilibingan ang mga bangkay ng yumao dahil sa lindol.³ Mula sa mga naging obserbasyon ni Carranceja ay binigyang pahintulot ng *Ayuntamiento* ang pagpapalano sa pagpapatayo ng bagong *cementerio general* lalo't malaki ang maitutulong nito upang kahit papaano ay maibalik sa normal ang kondisyon ng pamumuhay sa Kamaynilaan at maipagpatuloy rin ang kulturang

¹ Ang panimulang bahagi ng artikulong ito ay buod ng artikulong nailimbag ng awtor sa UST Hasaan Journal noong 2019 na pinamagatang *Ang Ambag at Gampanin ng Cementerio General de la Loma sa Lipunang Pilipino Noong Panahon ng mga Espanyol, 1863-1884*. Maaari itong maakses sa [link](https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2020/08/Hasaan-Journal-Tomo-V-2019-p.63-83.pdf) na ito upang mabasa ang konteksto ng sementeryo ng La Loma sa panahon ng okupasyon ng mga Espanyol sa Pilipinas. <https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2020/08/Hasaan-Journal-Tomo-V-2019-p.63-83.pdf>. Mayroon din mga datos na nabanggit sa bahaging ito na nagmula sa tesis masterado ng awtor sa De La Salle University na pinamagatang *Buhay, Kalusugan at Kamatayan: Isang Kasaysayan ng Cementerio General de La Loma, 1863-1889* na hindi bahagi ng nailimbag na artikulo sa Hasaan Journal.

² Ang terminong *cementerio general* ay isang kategorya ng sementeryo noong panahon ng mga Espanyol na layong makapaglibing ng mga bangkay ng yumao mula sa iba't ibang probinsyang kalapit sa lokasyon ng *cementerio general*.

³ Vicente Carranceja, Inspeccion General Obras Publicas, 29 Hunyo 1864, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501: Exp.3030, Archivo Historico Nacional, Madrid.

isinasagawa sa katawan ng mga yumao.⁴ Kumpara sa mga naunang sementeryo sa mga simbahan at sa Paco, mas binigyang-pansin ang pagdadagdag sa mas maraming nitso sa itatayong sementeryo upang maiwasan ang mabilis na pagkapuno nito. Upang maisakatuparan ang layuning nito ay naglaan ang *Ayuntamiento* ng 30,000 piso upang masimulan na ang pagpaplano at konstruksiyon nito. Noong ika-3 ng Agosto taong 1864 ay pinagtibay nina Vicente Carranceja at Marcelo Ramirez ang buong proyekto upang matapos ito sa loob lamang ng tatlong taon.⁵

Sa pagpaplano sa bagong *cementerio general*, naging isang malaking usapin din kung anong lahi at estado sa lipunan ang maaari lamang ilibing sa sementeryo lalo't naging malaking korupsiyon ang paglilibing sa mga sementeryo sa mga simbahan at *Cementerio General de Paco* na nagbunsod ng pagkadismaya ng mga mahihirap na Kristiyano noong panahong iyon. Ayon kay Carranceja, tiniyak ng pamahalaan na mas magiging bukas sa iba't ibang lahi at estado sa lipunan ang mga maaaring mailibing sa itatayong sementeryo. Bukod sa pagtitiyak na magiging mas inklusibo ang bagong sementeryo, hinalaw rin ng *arquitecto municipal* ang disenyo nito sa mga sementeryo sa Pransya, Gran Britanya at iba pang mga bansa sa Europa upang maging kakaiba ito kung ihahambing sa mga naunang mga sementeryong itinayo sa Pilipinas.⁶ Ngunit kahit moderno ang disenyo nito ay magiging sentro pa rin ang isang kapilya sa loob nito na magiging lundayan ng mga aktibidad para sa mga yumao. Tiniyak sa buong plano na mananatili ang pagiging sagrado ng itatayong bagong sementeryo upang hindi masira ang atmospera ng pagdadalamhati at pananahimik ng mga yumao.⁷

Mula sa iba't ibang suhestiyon at pagsusuri ng mga *arquitecto municipal*, nakita nilang akmang lokasyon ang La Loma upang tayuan ng bagong sementeryo lalo't matatapan ito sa mataas na bahagi ng lupain sa Kamaynilaan na hiwalay

⁴ Inspeccion General Obras Publicas, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

⁵ Inspeccion General Obras Publicas, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

⁶ Enrique Suenda, En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento en Cabilao ordinario del dia de ayer en que ha sido aprobado el precedente informe remitase este espediente al arquitecto municipal para la formacion de presupuesto detallado de la obra de construccion a que se refiere el mismo, Marso 7 1865, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501:Exp.3:043, Archivo Historico Nacional, Madrid.

⁷ En cumplimiento de acuerdo del Exmo, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

at malayo sa kabahayan ng mga tao.⁸ Ngunit bago masimulan ang konstruksiyon sa nasabing sementeryo ay maraming naging pag-uusap at pagtatalo sa pagitan ng mga opisyal mula sa Espanya at ng mga prayle sa magiging itsura at lokasyon ng bagong *cementerio general* na naging dahilan upang maantala ang pagpapatayo rito. Mula sa pagpapalano nito noong 1864 ay naantala ito hanggang 1882 na nagdala ng kaguluhan at kalungkutan sa lipunang Pilipino lalo't walang tiyak o/at malinaw na kasagutan kung kailan maitatayo ang sementeryo na magbibigay sana ng kaginhawahan sa katawan ng mga yumaong Kristiyano mula sa iba't ibang suliraning panlipunan at kalusugan noong panahong iyon. Noong 1882 sa pagtama muli ng isang malawakang suliranin sa pampublikong kalusugan partikular na pagkalat ng sakit na kolera sa Kamaynilaan ay saka lamang muling binalikan ang plano sa sementeryo at pinamadali ng simbahan at pamahalaang kolonyal ang pagsasapinal na pagpapalano para rito. Noong Pebrero 25, 1882 ay muling sinimulan ang pagpapalano at pagpapatayo sa isang bagong *cementerio general* sa Maynila. Pinasuri muli ng pamahalaang lokal ang kabuoang plano sa sementeryo at ang panahon kung kailan ito mabubuo. Nagtalaga muli ng isang arkitekto na magsusuri sa obserbasyon ni Rodereda sa *Cementerio General de Paco* kung talaga bang kailangan nang maitayo ang ikalawang *cementerio general* sa Maynila at ano ang mga probisyon na dapat naisaalang-alang sa pagtatayo rito.⁹ Sa pagsusuri ng *arquitecto municipal* sa ulat ni Francisco de Paula Roderada, nagkaroon ng ilang rebisyon sa unang plano nina Carranceja at Ramirez. Ang mga rebisyon na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang taas ng haligi ay dapat hindi haharag sa sirkulasyon ng hangin ng sementeryo at mayroong sapat na espasyo para sa daanan ng papasok at lalabas ng sementeryo.
2. Ang itatayong kapilya ay magsisilbing lugar kung saan isasagawa ang lahat ng mga huling ritwal sa mga yumao.

⁸ Ybanez de Aldeva, Corregimiento de la M.N.Y.S.L Ciudad de Manila 5 de Setiembre de 1865. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento en Cabildo ordinario celebrado el dia 10 de actual pase este espediente con sus antecedentes y planos al Sr. Regifor D. Zoilo Ybanez de Aldeida. Vives, Setyembre 7, 1865, Inspeccion General de Obras Publicas, 501:Exp.3:053, Archivo Historico Nacional, Madrid.

⁹ Manuel Enriquez, En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento en cabildo ordinario del dia 23 del actual, y deseando se realice a la mayor brevedad posible tan importante proyecto sobre la construccion de un nuevo cementerio en esta capital, remitase al Fr. Regidor D. Francisco de P. Roderada, para que en uncion del arquitecto municipal, y previo un detenido examen del mismo, se sirva emitir su dictamen, Marso 3, 1882, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501:Exp.3003, Archivo Historico Nacional, Madrid.

3. Kailangan na magtayo ng isang opisina malapit sa kapilya bilang tanggapan ng mga namamahala sa sementeryo. Ito rin ay magsisilbing taguan ng mga dokumento ng mga nakalibing sa sementeryo.
4. Kailangan na maglaan ng isang silid na lalagyan ng mga bangkay ng mga yumao na hindi pa maililipat sa itinakdang nitso nito.
5. Kailangan din na magtayo ng isang morgue na magsusuri ng mga bangkay bago ito mailibing sa sementeryo. Dapat ay mayroong isang doktor at isang tauhan na tatao sa nasabing opisinaang ito.

Isa sa pinakatuon ng ulat ng *arquitecto municipal* ang pagkakaroon ng mas malaking bilang ng mga nitso sa itatayong sementeryo kumpara sa mga naunang sementeryo sa Kamaynilaan. Nasa higit kumulang na 945 ang bilang ng *nichos* ang itatayo sa loob ng bagong sementeryo na sasapat sa bilang ng mga namatay noong 1863. Mayroon ding 120 na museleo para sa mga pamilya na gustong bumili ng malaking espasyo sa sementeryo, at mayroon ding mga lupain na maaaring bilhin ng mga korporasyon para pagtayaran ng mga *pantheons* para sa kanilang angkan.¹⁰ Bukod dito ay mayroon ding ilalaan na apat na gusali sa labas ng sementeryo; dalawa para sa tagapamahala ng sementeryo at mga departamento sa ilalim ng kanyang pamumuno, isang bahay para sa mga tagapangalaga at hardinero ng sementeryo, at isang imbakan ng mga kagamitan. Sinasabing ang buong proyekto ay nagkakahalaga ng 137,151 piso at kinakailangang maitayo sa lalong madaling panahon upang maisaayos na ang kondisyon ng paglilibing sa Kamaynilaan.¹¹

Noong Pebrero 21, 1882, naisapinal ni Antonio Ulloa, isang *arquitecto municipal* ang buong plano para sa sementeryo kasama ang naging mga suhestiyon ni Roderada.¹² Sinusugan din ni Ulloa ang ilang suhestiyon ni Roderada para sa sementeryo. Ayon kay Ulloa, dapat ilagay ang kapilya sa gitna ng sementeryo upang madaling matunton ang sentro ng aktibidad sa loob ng sementeryo. Mas madali rin na maririnig ng mga kamag-anak ng mga yumao ang misa o/at ang huling ritwal na laan para sa mga yumao kung ilalagay ito sa

¹⁰ Francisco de Paula Roderada, Programa de los edificios y departamentos que ha de contener el Nuevo cementerio general de Manila en proyecto. Direccion de Admin y Fomento, Marso 3 1882, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501:Exp.3086, Archivo Historico Nacional, Madrid.


¹¹ Programa de los edificios y departamentos, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

¹² Antonio Ulloa, Memoria en cumplimiento de acuerdo del Exmo Ayuntamiento de fecha 23 de marzo, Manila 21 de Pebrero de 1882 Direccion de Admin y Fomento, Marso 3 1882, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501:Exp.3 118, Archivo Historico Nacional, Madrid.

gitnang bahagi.¹³ Naging suhestiyon din ni Ulloa na dapat ang opisina ng pari na itatayo sa loob ng sementeryo ay mayroong taguan ng mga dokumento, at kinakailangan ay mayroong ding lugar para sa mga nagtatrabahong kawani. Ang pundasyon ng mga gusali ay dapat gawa sa bato, ang haligi nito ay yari naman sa Molave. Para naman sa mga nitso na itatayo sa sementeryo, magtatalaga ng mga dibisyon kung ano lamang ang maaaring ibenta at iparentahan sa madla. Mayroong 576 na bilang ng mga nitso ang nakalaan upang marentahan ito na nagkakahalaga ng 46.43 piso bawat nitso. Ang 288 na mga nitso naman ay nakalaan para ibenta, at ito ay nagkakahalaga ng 98.77 piso bawat nitso.¹⁴ Isinama rin sa pagpapalano ng pagpapatayo ng bagong sementeryo ang rekonstruksyon ng sementeryo ng Tondo at *Cementerio General de Paco* upang muling mapakinabangan ang mga nasabing sementeryo ng nakararaming Kristiyano. Makikita sa ilustrasyon 1 ang pinal na plano para sa sementeryo na itatayo sa La Loma.

¹³ Memoria en cumplimiento de acuerdo, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

¹⁴ Memoria en cumplimiento de acuerdo, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.



Ilustrasyon 1. Antonio Ulloa. Sober Construccion de un Cementerio General en Manila. *Plano de situacion Planta general*. Archivo Historio Nacional, Madrid.
<http://pares.mcu.es/ParesBusquedas20/catalogo/show/7253813?nm>

Sa pag-usad ng konstruksyon ng sementeryo ng La Loma, minungkahi ni Manuel Ramirez na gawing pangunahing *cementerio general* ang *Cementerio General de La Loma* dahil sa hindi maayos na kondisyon ng sementeryo ng Paco. Kung matatapos ang buong plano sa itinakdang panahon, ituturing itong pinakamalaking sementeryo sa Kamaynilaan na may modernong uri ng disenyo na kahalintulad sa mga sementeryo sa Europa.¹⁵ Hiniling ni Ramirez ang tulong mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan na suportahan ang proyekto lalo't noong 1864 pa dapat sinimulan ang konstruksyon nito.¹⁶ Nais ni Ramirez na matapos kaagad ang sementeryo sa lalong madaling panahon upang hindi na problemahin pa ng pamahalaang kolonyal ang mga isyung kakabit sa malaking bilang ng mga yumaong inililibing. Ngunit pagsapit ng Agosto 20, 1882 ay mas kinailangan pa na tapusin kaagad ang buong proyekto lalo't nakaranas ang bansa ng matinding epekto mula sa epidemiyang kolera na kumitil ng 30,000 na

¹⁵ Manuel Ramirez, Yslas Filipinas Ynspeccion General de Obras Publicas No. 47 con fecha 10 del pasado mes de Abril comunico esta Ynspeccion General, Hunyo 14 1882, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501:Exp.3 093, Archivo Historico Nacional, Madrid.

¹⁶ Yslas Filipinas Ynspeccion General de Obras Publicas, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

buhay sa loob lamang ng isang linggo.¹⁷ Dahil sa suliraning ito ay ginamit kaagad ang espasyo ng La Loma upang libingan ng mga bangkay na namatay mula sa sakit na kolera.¹⁸ Ayon sa ulat, sa loob lamang ng dalawang araw ay 339 na bangkay ang naitalang dinala sa sementeryo ng La Loma. Nakababahala raw ito ayon sa mga opisyal na namamahala sa sementeryo ng La Loma lalo't 5,500 lamang ang kapasidad ng buong *Cementerio General de La Loma*.¹⁹ Maraming mga ginawang hakbang ang pamahalaang kolonyal ng Espanya upang kahit papaano ay mabigyan ng espasyo na paglalagakan ang mga bangkay ng mga yumaong Kristiyano na namatay mula sa Kolera. Ngunit, hindi rin ito naging sapat at kinailangan na limitahan ang mga inililibing sa lupain ng sementeryo ng La Loma upang hindi maapektuhan ang kabuoan progreso at kondisyon ng tinatayong sementeryo. Noong 1884, matapos ang pagtama ng epidemyang kolera ay natapos ang buong plano alinsunod sa inaprubahang kontrata. Katulad ng mga naunang sementeryo sa Kamaynilaan ay hindi inasahan ang malaking bilang ng mga bangkay na kinailangang ilibing mula sa epidemya na naging dahilan upang mabago ang ilang disenyo at maging ang kabuoang kondisyon ng lupa sa loob ng sementeryo ng La Loma. Ngunit, mahihinuha na matagumpay pa rin na nagampanan ng sementeryo ang gampanin nito bilang himlayan ng mga Kristiyano lalo't naitayo ito sa panahong nakaranas muli ang bansa ng iba't ibang suliranin panlipunan at pangkalikasan. Sa pagkakatatag ng *Cementerio General de La Loma* noong 1884 ay naghudyat din ito upang pag-aralan ng pamahalaang kolonyal ng Espanya ang mga patakaran nito sa pamamahala ng mga sementeryo sa kapuluan. Halimbawa na rito ang pagtatatag ng *Junta Superior de Sanidad* na titiyak sa kondisyon at kalinisan ng mga sementeryo sa iba't ibang panig ng bansa. Itinuring din na isa sa pinakamalaking proyektong pansanitasyon ang sementeryo ng La Loma sa huling bahagi ng ikalabing-siyam na dantaon lalo't nakita ng mga awtoridad ang kahalagahan ng sementeryo upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit na nagmumula sa mga bangkay. Ang ganitong uri ng pagpapalit gampanin mula sa espasyong laan para sa yumaong Kristiyano patungo sa espasyong pansanitasyon ay makikita rin pagkatapos ng pamumuno ng mga Espanyol sa Pilipinas. Mahalaga na maunawaan at makita kung sa paanong paraan ang iba't

¹⁷ George Kohn, *Encyclopedia of Plague and Pestilence: From Ancient Times to the Present* (Boston: Facts On File, 2008), 305.

¹⁸ Acusado recibo del telegram del ministerio de ultramar relative dela construccion del Nuevo cementerio general de esta capital y dando cuenta de las medidas para realizar los primeros trabajos, Setyembre 16 1882, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, 501:Exp.3_202-11, Archivo Historico Nacional, Madrid.

¹⁹ Acusado recibo del telegram del ministerio de ultramar, Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila.

ibang mga patakaran at kondisyong panlipunan noong simula ng ika-dalawampung dantaon ay huhubog sa panibagong saysay ng sementeryo ng La Loma sa panibagong yugto nito sa ilalim ng pamumuno ng mga Amerikano.

II. ANG SEMENTERYO NG LA LOMA SA GITNA NG MGA PAGBABAGONG PANLIPUNAN SA ILALIM NG PAMUMUNO NG MGA AMERIKANO

Noong mapasakamay ng Estados Unidos ang Pilipinas bilang bahagi ng mga bagong teritoryo nito sa Asya ay naghudyat ito upang maipakita nila sa buong mundo ang kanilang kakayahan na makapaghatid ng mataas na uri ng kultura at modernisasyon na iiba sa mga imperyo sa mundo.²⁰ Kasabay ng pagpasok ng mga Amerikano sa teritoryo ng Pilipinas ay ang katatatag pa lamang na bagong Republika sa ilalim ng pamumuno ni Hen. Emilio Aguinaldo. Ang kaguluhan sa kapangyarihan sa pagitan ng Estados Unidos at papausbong na Republikang Pilipino ay nagbunsod upang magkaroon ng iba't ibang mga labanan sa pagitan ng dalawang panig. Sa panahon ng digmaan sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos, isa sa mahalagang sagupaan ay nangyari noong Pebrero 10, 1899 na tinawag na Labanan sa Kalookan. Ito ay naganap sa mismong bakuran ng sementeryo ng La Loma sa pagitan ng mga tropa na pinamumunuan ni Hen. Arthur McArthur na binubuo ng *Utah Battery* upang makamit ang layunin nito na pagkubkob sa teritoryo ng Kalookan. Dahil sa malakas ang hukbo ng mga Amerikano ay umatras ang pwersa ng mga Pilipino sa pamumuno ni Hen.

²⁰ Alejandro de Quesada, *The Spanish-American War and Philippine Insurrection 1898-1902* (Oxford: Osprey Publishing Ltd., 2007), 8-10.

Antonio Luna papuntang Malolos, Bulakan.²¹ Makikita sa ilustrasyon 2 ang naging sagupaan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano sa Kalookan.

Ilustrasyon 2. Nelson Miles. Harper's pictorial history of the war with Spain. *University of Michigan*:



The United States and Its Territories, 1870-1925, Harper & brothers, New York.

<https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/ABZ6590.0001.001?rgn=main;view=toc>.

Hindi natapos noong Pebrero 10, 1899 ang serye ng mga labanan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano sa sementeryo ng La Loma. Hindi inasahan ng mga Amerikano ang determinasyon ng mga Pilipino na protektahan ang kanilang teritoryo na nagresulta sa malaking bilang ng mga yumao sa hanay ng mga Pilipino. Hindi ito naging hadlang upang manatiling buo ang pwersang Pilipino sa Kalookan.²² Ngunit sa huli ay nagwagi pa rin ang mga Amerikano sa mga labanan at kinamkam ang sementeryo ng La Loma at ginawang kanilang punong-tanggapan para sa kanilang patuloy na pakikidigma at kolonisasyon sa Pilipinas.²³

Ang lokasyon ng sementeryo ng La Loma ay naging mainam na kuta para sa mga Amerikano lalo't natatanaw dito ang mga sundalong nagmumula sa panig ng Maynila at Kalookan. Ngunit ang pananatili ng mga Amerikano sa sementeryo ng La Loma ay nagdulot ng malaking bilang ng mga bangkay na resulta ng iba't ibang mga karahasan, taggutom, at sakit na nagbunsod upang

²¹ Brian McAllister Linn, *The Philippine War, 1899-1902* (Lawrence: University Press of Kansas, 2000), 57.

²² Linn, *The Philippine War*, 57-58.

²³ Colonel Frederick Herman, *The Forty-Second Foot: A History of the Forty-Second Regiment of Infantry United States Volunteers* (Kansas: 42nd Regiment of Infantry USV Association, 1942), 75.

kailanganin muli ang malaking bilang ng mga nitso sa mga Campo Santo sa paligid ng Intramuros. Makikita sa larawan 1 hanggang 8 ang mga aktibidad ng pwera ng mga Amerikano sa sementeryo ng La Loma.



Larawan 1. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.

Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.

<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 2. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.

Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.

<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 3. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.
Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.
<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 4. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.
Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.
<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 5. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.
Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.
<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 6. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.
Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.
<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 7. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.

Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.

<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.



Larawan 8. Arnold Dumindin. War Escalates: Battles in Manila and Suburbs, Feb. 5-6, 1899.

Philippine-American War, 1899-1902. Walang Publisher.

<https://www.filipinoamericanwar18991902.com/warescalates.htm>.

Dahil sa mga serye ng labanan at pagtama muli ng epidemiyang kolera noong 1902 ay napuno muli ang mga sementeryo sa mga *arrabales* at maging ang *Cementerio General de La Loma* na nagdala pa lalo ng panganib sa kalusugan ng publiko.²⁴ Upang masolusyunan ito, nagpanukala ang mga Amerikano ng mga patakaran na magsasaayos sa sanitasyon ng mga sementeryo at maging sa mga impraestrakturang nakapaligid dito. Natuklasan ng mga Amerikano ang isang hukay sa sementeryo ng Paco kung saan doon tinatapon ang mga bangkay at buto ng mga yumao na tapos na sa itinakdang petsa ng kanilang pagkakalagak sa sementeryo o kaya ay hindi nakapagbayad ng renta para sa mga nitso. Ang ilan sa mga nahukay na labi ay nasa antas na ng pagkaagnas. Hindi naman ito mailipat sa ibang sementeryo dahil na rin sa puno na ang kapasidad ng mga sementeryo sa Kamaynilaan na naging dahilan upang pabayaan na lamang ito muli sa hukay.²⁵ Batay na rin sa kanilang napag-alaman, patakaran ito noong panahon ng mga Espanyol na ilalagay sa mga hukay o *osario* ang mga bangkay ng mga yumao na hindi nakapagbayad ng renta sa mga nitso sa itinakdang taon ng namamahala sa mga sementeryo.²⁶ Makikita ang sistemang ito ng pagtatapon ng bangkay sa *osario* sa larawan 9.

²⁴ Michaelangelo E. Dakudao, “*The Development of Cemeteries In Manila Before 1941*,” *Philippine Quarterly of Culture and Society* 20, no. 23 (1992): 143-144.

²⁵ John Bowe, *With the Thirteenth Minnesota* (Minnesota: A.B. Farnham PTG. & Stationery Co., 1905), 60.

²⁶ Herman, *The Forty-Second Foot*, 74.



Larawan 9. Frank Tennyson Neely. Usual manner of conducting a Philippine funeral. The Niches or "cubby holes" are places for coffins when the rent is no longer paid.

F. Tennyson Neely Publisher, New York. <https://tile.loc.gov/storage-services/public/gdcmassbookdig/neelyscolorphoto00newy/neelyscolorphoto00newy.pdf>.

Dahil sa mga obserbasyon na ito ng mga Amerikano sa kondisyon ng mga sementeryo ay naisabatas ang Ordinansang Batas 1150 o *Sanitary Code of Manila* na layong ayusin ang sanitasyon sa mga sementeryo sa buong Kamaynilaan.²⁷ Layunin ng mga patakarang ito na palakasin ang sistema ng sanitasyon sa mga sementeryo at gawing tagapagsuri ang mga opisyal mula sa *Bureau of Health* at lokal na pamahalaan sa estado ng mga ito upang maiwasan ang maaaring masamang epekto ng mga sementeryo sa pampublikong kalusugan at kalinisan. Noong 1913, naglabas ang *Bureau of Health* ng ilang mga kautusan na layong ipasara ang ilang lumang sementeryo sa Kamaynilaan dahil na rin sa hindi nito maayos na kondisyon na maaaring makapagdulot ng panganib sa kalusugan ng publiko. Kabilang dito ang mga sementeryo sa mga *arrabales* katulad ng mga nasa Sta. Cruz, Balic-Balic, Tondo, Maytubig, Malate, Pandacan, at Sta. Ana.²⁴ Isang magandang halimbawa ang patakarang ito sa ilang mga hakbang noong panahon ng mga Amerikano upang matiyak ang kaayusan sa aspekto ng sanitasyon ng mga sementeryo lalo't direkta itong nakaaapekto sa magiging estado ng pampublikong kalusugan sa kolonya. Upang mas maging epektibo pa ang mga ilalatag na pagbabago sa sistemang pangsementeryo sa panahon ng

²⁷ Philippine Commission, *Public Laws passed by the Philippine Commission During the Period from September 1, 1903 to August 31, 1904, Compromising Act Nos. 863 to 1225*, (Manila: Bureau of Printing Press, 1905), 353-355.

kanilang pamumuno ay iniugnay rin ng mga Amerikano ang konstruksyon at rehabilitasyon ng mga sementeryo sa pananaw ng Kilusang *City Beautiful* na magbibigay ng bagong imahen sa mga ito na labas sa tradisyon na gampanin nito sa lipunang Pilipino.

Ang Kilusang *City Beautiful* sa Pilipinas at ang Ambag nito sa Kondisyon ng mga Sementeryo sa Kamaynilaan

Sa pagtatapos ng pamumuno ng mga Espanyol sa Pilipinas ay nagsimula rin ang iba't ibang mga proyektong kolonyal ng Estados Unidos na layong bigyan ng bagong bihis ang bansa sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang sistema at patakaran na nakabatay sa kanilang pananaw bilang modernong imperyalista. Dahil sa iba't ibang pagbabagong ito ay naging mabilis ang paglaki ng populasyon sa mga lungsod na naging dahilan sa pagsikip ng tirahan ng mga tao, malalang polusyon, at pagkaubos ng mga pampublikong espasyo na lumikha ng hindi kaaya-ayang atmospera para sa mga naninirahan dito. Upang maiayos ang mga suliraning urbano sa Kamaynilaan ay nilapat ng mga Amerikano ang mga ideya mula sa kilusan na tinatawag na *City Beautiful Movement* ay naglayong bumuo ng mga *municipal centers* at *recreational parks* sa mga planong panlungsod na ilalapat sa Pilipinas. Nagsimula ang kilusang ito mula sa inspirasyong Europeo-Prances na *Beaux-Arts* na nagnais na magkaroon ng mataas na uri ng kagandahan, dignidad at kaayusan sa mga planong panlungsod at impraestrakturang itatayo sa mga lungsod. Itinaguyod ng kilusang ito ang pagsasaaayos ng kondisyong urbano sa mga lungsod na nakararanas ng mababang uri ng pamumuhay na layong paunlarin sa pamamagitan ng pagpapakilala at pagbuo ng mga *municipal centers* at *recreational parks* na makatutulong diumano upang maunawaan ng mga tao ang konsepto ng karunungan at moralidad. Kilala rin ang *City Beautiful Movement* bilang *garden city* dahil sa hayag na inspirasyon ang mga hardin sa mga disenyo at pagpapalano sa mga lungsod sa iba't ibang lugar sa Estados Unidos. Sinubukang ayusin ng mga Amerikano ang sistemang panlungsod ng Pilipinas batay sa konsepto ng *garden city* sa pangunguna ni Daniel H. Burnham. Nakita ni Burnham ang kahalagahan na mailapat ang layunin ng *city beautiful movement* sa Pilipinas upang mapagbuti ang kondisyong panlungsod sa kolonya. Sa pangunguna nina Daniel H. Burnham at Peirce Anderson mula sa *Senate Park Commission*, nais nilang gawing isang magandang at modernong kabisera ang

Maynila at ang Baguio.²⁸ Naniniwala si Burnham na, “*Natural scenery furnishes the contrasting element to the artificiality of the city.*”²⁹ Kaya mahalaga sa kanila na mabalanse ang modernong disensyo ng mga lungsod sa natural na kagandahan at heograpiya ng Pilipinas upang makapagdala ito ng mataas na uri ng kultura at maayos na pamumuhay sa mga naninirahan dito.

Kasama sa naging pagpapalano sa Maynila ang pagsasaayos ng kondisyon ng mga sementeryo lalo’t malaki ang pangangailangan sa mga ito noong panahong iyon dahil na rin sa iba’t ibang labanan na nangyari sa kanilang pasipikasyon sa mga Pilipino na nagresulta sa malaking bilang ng mga bangkay sa mga lungsod. Ayon sa mga suhestiyon ng mga opisyal ng kolonyal na pamahalaan ng Estados Unidos sa Pilipinas, matutugunan lamang ang suliranin na ito sa paglilibing kung magtatayo ng mga bagong sementeryo sa kolonya.³⁰ Ngunit, kaiba sa naunang saysay ng sementeryo sa panahon ng mga Espanyol na nakasentro bilang isang relihiyosong santuwaryo, nais itong baguhin ang kabuluhan nito patungo sa isang *sanitary space* na magsasaayos ng estadong pangkalusugan at pangkalinisan sa panahon na nakararanas ang Kamaynilaan ng iba’t ibang suliraning panlipunan. Bukod sa layuning ito, nais din na gawing kaaya-aya ng mga Amerikano ang mga espasyong ito at gawin parke upang maging pasyalan na makapagbibigay din ng kasiyahan sa mga taong bumibisita rito. Ang mga pagbabagong ito sa imahen at gampanin ng mga sementeryo ay bahagi ng layuning modernisasyon sa mga lungsod batay sa pananaw ni Burnham sa Maynila.

Bahagi rin sa layunin ng pagpapatayo ng bagong sementeryo na gawin itong isang pampublikong sementeryo na bukas sa lahat ng uri ng nasyonalidad at relihiyon. Noong 1904 ay bumili ang pamahalaang lungsod ng Maynila ng 125-½ ektarya ng lupa sa Sta. Cruz na katabi ng sementeryo ng La Loma na nagkakahalaga ng 40,000.00 piso.³¹ Ang itatayong sementeryo ay papangalanang *Cementerio del Norte*.³² Pinagmamalaki ng mga Amerikano na

²⁸ Ian Morley, “Modern Urban Designing in the Philippines, 1898–1916,” *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints* 64, no. 1 (2016): 7–9.

²⁹ Daniel H. Burnham at Edward H. Bennett, *Plan of Chicago* (Chicago: Commercial Club of Chicago, 1908), 53.

³⁰ Report of the Municipal Board of the City of Manila, *Report for the Fiscal Year ended June 30, 1904* (Manila: Bureau of Public Printing, 1905), 20.

³¹ Report of the Municipal Board of the City of Manila, *Report for the Fiscal Year ended June 30, 1904*, 14.


³² Report of the Municipal Board of the City of Manila, *Report for the Fiscal Year ended June 30, 1904*, 85.

ang sementeryong itatayo ay “lugar kung saan ang mahihirap ay maaaring ilibing sa murang halaga (*where the poor may bury their dead for a few pesos*).”³³ Ang ganitong uri ng pagsasapubliko at pagpapababa ng renta sa mga nitso ay hakbang ng mga Amerikano upang maiba ito sa mga Espanyol na tiningnan na ang sagradong lugar na ito ay nakalaan lamang sa mga Kristiyano at kailangan itong bilhin sa mataas na halaga upang magamit ang libingan. Nilapat ng mga Amerikano ang kanilang kaalamang siyentipiko sa sistema ng paglilibing sa kapuluan upang matiyak ang kaayusan ng pampublikong kalusugan sa kolonya nito. Mas iniugnay ng mga Amerikano ang kahalagahan ng pagtitiyak ng maayos na estado ng sanitasyon sa mga lungsod upang hindi kumalat ang mga mikroorganismo kaysa sa pagdadasal lamang sa tagapaglikha na si Kristo. Sa ganitong paraan ay mas maipauunawa ng mga ito sa mga Pilipino na ang sementeryo ay hindi lamang isang lugar para sa mga yumao kundi isang espasyo rin ito na tumitiyak ng kaayusang panlipunan at estado ng sanitasyon sa mga lungsod.

Ang itatayong *Cementerio del Norte* ay hinalaw sa disenyo at konsepto ng *City Beautiful Movement* na hindi lamang libingan ng mga patay kundi isang parke na magsisilbi rin lugar-libangan para sa mga nabubuhay. Ilan sa mga karakterismo ng itatayong sementeryo ay ang pagkakaroon ng malaking tarangkahan, daang napapalibutan ng mga puno, malalaking espasyo na may mga nakatanim na halamang ornamental at malilim na puno, at organisadong lugar para sa mga monumento at libingan. Ang lahat ng nabanggit na katangian ng sementeryo ay mula sa pananaw ng *City Beautiful Movement* na ilalapat sa *Cementerio del Norte* upang maisakatuparan ng naisin ng mga Amerikano na maging kauna-unahang modernong hardin-sementeryo ang proyektong ito sa Maynila.³⁴ Makikita sa ilustrasyon 3 ang isang halimbawa ng plano mula sa disenyo at konsepto ng *City Beautiful Movement* para sa mga sementeryo.

³³ Philippine Commission, *Annual Reports of the War Department for the Fiscal Year ended June 30, 1906, Acts of the Philippine Commission [1408-1538, inclusive] and Public Resolutions, etc., from October 19, 1905 to September 15, 1906* (Washington: Government Printing Press, Volume 10, 1906), 133-135.

³⁴ Dakudao, “*The Development of Cemeteries In Manila Before 1941*,” 146.



Ilustrasyon 3. Philippine Islands Health Service. Reglamentos y disposiciones revisados sobre cementerios en Filipinas, excepto los de la ciudad de Manila. *UP Main Library*, Bureau of Print, Manila. <https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-99796217604246603>.

Nagpatuloy ang pagpapalano at pagpapatayo ng mga Amerikano ng mga bagong sementeryo kasabay ng pagpapasara ng *Bureau of Health* sa mga lumang sementeryo na itinayo noong panahon ng pamunuang Espanyol na mayroong di kaaya-ayang kondisyon. Noong 1913 ay bumili muli ang pamahalaan kolonyal ng panibagong 2,500 metro kuwadrado ng lupa sa San Pedro, Macati upang tayuan ng bagong sementeryo na tatawaging *Cementerio del Sur*. Ang disensyo para sa sementeryong ito ay itinulad din sa *Cementerio del Norte*. Bukod sa pagtatayo ng mga sementeryo ay naglatag din ng mga bagong alituntunin at regulasyon ang mga Amerikano upang mapagbuti ang kondisyon ng mga sementeryo sa Kamaynilaan. Kasama na rito ang pagpapanatili ng sanitasyon at rehabilitasyon ng sementeryo ng La Loma upang mapanatili ang gampanin nito

bilang *cementerio general*.³⁵ Naisabatas din noong 1902 ang *Act. No. 1458* o *Reglamentos y Disposiciones Sobre Cementerios en Filipinas* na naglayong gawing iisang batas o/at patakaran lamang ang ilalapat sa pagtatapon at paglilibing sa mga bangkay sa mga sementeryo sa Pilipinas.³⁶ Bahagi rin sa batas ang pagtitiyak na hindi dapat maging hadlang ang lahi, antas sa lipunan, at relihiyon sa paggamit ng mga sementeryo sa Kamaynilaan.

Ayon sa ilang tala ng mga opisyal na Pilipino, malaki diumano ang naging pagbabago sa estado ng mga sementeryo nang simulan itong pamahalaan ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ayon kay T.H Pardo de Tavera, mas naging organisado ang Kagawaran ng Kalusugan sa pagpapanatili ng sanitasyon sa mga sementeryo sa Kamaynilaan na kinakailangan sa panahong iyon. Masasabing naging matagumpay ang mga Amerikano na baguhin ang imahen ng mga sementeryo at muling ipakilala ito bilang espasyong pansanitaryon at *recreational park*. Nakatulong ang mga pagbabagong ito upang mas mapalalim pa ang kabuluhan ng mga espasyong ito sa kultura at lipunang Pilipino na kaiba sa pananaw ng mga Espanyol na nakalaan lamang ang mga espasyong ito para sa mga yumaong Kristiyano.³⁷ Ang mga pagbabagong ito sa imahen at gampanin ng mga sementeryo sa lipunang Pilipino ay nilapat din sa sementeryo ng La Loma upang maipagpatuloy nito ang kabuluhan nito sa lipunang Pilipino. Mahalaga na maisalaysay ang naging pagbabago sa pamumuno sa sementeryo ng La Loma na kaiba sa mga nilatag na patakaran ng mga Espanyol upang lubusang maunawaan ang naging gampanin nito noong panahong iyon.

Ang mga Pagbabago sa Sementeryo ng La Loma sa Panahon ng Pamunuang Amerikano: Pamamahala, Impraestraktura, at Kabuluhan nito

Isa sa pinagtuunan ng pansin ng mga Amerikano sa panahon ng kanilang pamumuno sa kapuluan ang pagtitiyak na magkakaroon ng maayos na sistema at regulasyon na susundin ang mga sementeryo sa Pilipinas. Sa taunang ulat ni Hen. E.S. Otis mula sa *U.S. Volunteers, Commanding, Department of the Pacific at 8th Army Corps.*, kanyang ipinunto ang kahalagahan ng pagkakaroon ng iisang ahensya na mamamahala sa paglalabas ng mga dokumento sa paglilibing sa mga pangunahing sementeryo sa Kamaynilaan. Ayon sa kanyang tala:

³⁵ Report of the Philippine Commission, *Annual Reports of the War Department for the Fiscal Year ended June 30, 1906* (Washington: Government Printing Office: Vol. IX, Part 3), 160.

³⁶ Servicio de Sanidad de Filipinas, *Reglamentos y Disposiciones sobre Cementerios en Filipinas*, (Manila: Bureau of Printing, 1921), 291-293.

³⁷ Dakudao, "The Development of Cemeteries In Manila Before 1941," 148.

“The department of Cemeteries was organized in August 1898, with Chaplain McKinnon, 1st California Volunteers in charge. This department has issued all burial permits in the city, buried paupers, and had supervision of large cemeteries of La Loma and Paco. The receipts of the department, from burial permits (50 cents each) and the sale of niches in Paco Cemetery, have averaged about \$700 per month; expenses, \$400. Chaplain McKinnon was relieved on June 1, and Captain C.H. Martin, 14th U.S. Infantry, placed in charge.” (Martin, 1899).³⁸

Nabanggit din noong 1902 mula sa ikatlong taunang ulat ng *Philippine Commission* na ang paglilinis sa mga sementeryo ng La Loma at Paco ay nakatalaga dapat sa *Street Cleaning and Disposal of Refuse* sa pamumuno ni J.C. Mehan. Nabanggit sa ilang obserbasyon ng mga tagapamahala sa sementeryo ng La Loma ang pangangailangan na ayusin at kumpunihin ang ilang mga gusali at pasilidad sa sementeryo upang hindi ito tuluyang masira.³⁹ Noong 1903, muling nabanggit ni J.C. Mahen ang ilan pang pangangailangan sa sementeryo katulad ng paglilinis sa mga daan, pagpapanatili ng kalinisan sa mga parke sa loob ng sementeryo, at maayos na transportasyon ng tubig upang mapanatili ang kaaya-ayang estado ng La Loma. Kapansin-pansin din sa tala ni Mahen ang mabagal na pagtugon mula sa pamahalaan kolonyal ng Estados Unidos upang pondohan ang mga nabanggit na pangangailangan para sa sementeryo ng La Loma. Ang tinuturong dahilan ng kawalan ng interes ng pamahalaang kolonyal sa La Loma ay dahil sa tinatayong *Cementerio del Norte*.⁴⁰ Makikita sa larawan 10 at 11 ang kondisyon ng La Loma sa ilalim ng pamumuno ng mga Amerikano.

³⁸ Major General E.S. Otis, *Annual Report of Major General E.S. Otis, U.S. Volunteers, Commanding, Department of the Pacific and 8th Army Corps* (Manila: Bureau of Printing, 1899), Appendix M.

³⁹ Bureau of Insular Affairs: War Department, *Third Annual Report of the Philippine Commission, 1902* (Washington: Government Printing Office, Part 1, 1903), 94-95.

⁴⁰ Bureau of Insular Affairs: War Department, *Fourth Annual Report of the Philippine Commission, 1903, In Three Parts* (Washington: Government Printing Office, Part 1, 1904), 586.



Larawan 10. Hindi nabanggit ang pangalan ng kumuha. La Loma vaults. *University of Michigan. Special Collections Library.* Walang nabanggit kung sino at kailan ito nailimbag.
https://quod.lib.umich.edu/s/scphilimg/x-86/PHLK191?lasttype=boolean;lastview=reslist;resnum=5;size=50;start=1;subview=detail;view=entry;rgn1=scphilimg_all;q1=La+Loma+



Larawan 11. Hindi nabanggit ang pangalan ng kumuha. La Loma Block House. *University of Michigan. Special Collections Library.* Walang nabanggit kung sino at kailan ito nailimbag.
https://quod.lib.umich.edu/s/scphilimg/x-1667/PHLK040?lasttype=boolean;lastview=reslist;resnum=4;size=50;start=1;subview=detail;view=entry;rgn1=scphilimg_all;q1=La+Loma+.

Kasabay ng pagsasaayos at pagpapatayo ng mga sementeryo sa iba't ibang panig ng Kamaynilaan ay nagpatuloy ang paglilibing sa sementeryo ng La Loma na kilala bilang isa sa pinakamalaking sementeryo sa Kamaynilaan noong panahong iyon. Nailibing dito ang ilang mga mahahalagang personalidad sa lipunang Pilipino sa panahong 1900's hanggang 1940's. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- Cayetano Arellano (1847–1920), Unang Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas;
- Librada Avelino (1873–1934), tagapagtatag ng *Centro Escolar University*;
- Maria Carpena (1886–1915), isang aktres at sopranong mang-aawit;
- Victorino Mapa (1855–1927), Pangalawang Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas;
- Pablo Ocampo (1853–1925), *resident commissioner* sa Kongreso ng Estados Unidos;
- Ignacio Villamor (1863–1933), Delegado ng Ilocos Sur sa Kongreso ng Malolos (1889); Unang Pilipinong Presidente ng Unibersidad ng Pilipinas (1915); Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas (1918); at
- Joaquin Maria Herrero y Rodriguez, kilalang Espanyol na pintor

Sa kabuoan, napanatiling maayos ang kondisyon ng sementeryo ng La Loma sa ilalim ng pamamahala ng Amerikano lalo't ang mga patakarang kanilang ipinakilala ay naglayong gawing mas ekstensibo ang gampanin ng mga sementeryo sa lipunang Pilipino. Kahit hindi naging kasing progresibo ang mga nilapat na pagbabago sa mga pasilidad ng sementeryo ng La Loma kumpara sa *Cementerio del Norte* ay napanatili pa rin nito ang pananaw ng mga Amerikano na gawin espasyong pansanitasyon at *recreational park* ang mga sementeryo sa kapuluan na mahalagang matiyak noong panahong iyon upang makita kung talaga bang naging epektibo ang mga Amerikano bilang isang imperyalista na nagsusulong ng modernisasyon at sibilisasyon sa mundo. Ngunit ang ganitong imahen at gampanin ng mga sementeryo pati na rin ang sementeryo ng La Loma ay mababago sa pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa pagitan ng mga Amerikano at Hapones. Mahalaga na maitampok kung paano muli magiging espasyong pandigma ang sementeryo ng La Loma noong panahong iyon na bubuo ng panibagong saysay nito sa lipunang Pilipino.

III. ANG SEMENTERYO NG LA LOMA BILANG ESPASYONG PANDIGMA NOONG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG, 1945

Sa pagpasok ng mga Hapones sa lipunang Pilipino ay muling nagamit ang sementeryo ng La Loma bilang espasyong pandigma na nagdala ng takot at pangamba sa lipunang Pilipino. Sa pagsisimula ng digmaan sa pagitan ng mga Hapones at Amerikano ay nakita ang kagandahan ng sementeryo ng La Loma bilang himpilan ng mga sundalo sa Kamaynilaan dahil sa estratehikong lokasyon nito. Ang pagkakaroon ng malawak na espasyo sa sementeryo ng La Loma ay nakatulong upang maitago ang ilan sa mga sasakyang panghimpapawid ng mga Amerikano na gustong wasakin ng mga Hapones.⁴¹ Bago magsimula ang digmaan ay ginagamit nang paliparan ng mga Amerikano ang isang bahagi ng sementeryo ng La Loma para sa mga pagsasanay ng mga nais magpalipad ng eroplano sa hanay ng kanilang mga sundalo. Noong nagsimula ang digmaan ay nilagay ni Pappy Gun, isang sundalo mula sa USAFFE ang ilang eroplano sa bahaging ito ng sementeryo na kinalaunan ay nakaligtas sa pagkasira mula sa pwersa ng mga Hapones.⁴² Kaya naging mahalagang sandata para sa mga Amerikano ang pagkakaunawa nito sa ilang tagong bahagi ng sementeryo ng La Loma na kanilang ginamit bilang kuta o/at lalagyanan ng mga kagamitang pandigma laban sa mga Hapones. Dahil sa patuloy na labanan sa pagitan ng mga pwersang Amerikano at Hapones, kinatakutan ng mga dayuhan at mga Pilipino ang sementeryo ng La Loma dahil sa naging lugar ito ng karahasan at espasyo kung saan pinapatay ang mga kalaban ng mga Hapones sa digmaan. Noong nakuha ng mga Hapones ang himpilan ng La Loma sa mga Amerikano, nagsilbi itong kuta at himlayan ng 3,000 biktima ng *Bushido Justice* at mga bilanggo sa Fort Santiago na itinuturing na isa sa pinakamadilim na bahagi sa kasaysayan ng Pilipinas.⁴³ Noong 1942, si Lt. Col. Claude Thorpe, isang opisyal ng Hukbong Militar ng Estados Unidos ay nahuli ng mga Hapones at sapilitang inilibing ng buhay bago ito pugutan ng ulo.⁴⁴ Nagpatuloy ang ganitong aktibidad ng mga Hapones na makikita sa tala ni Decker:

⁴¹ John Bruning, *Indestructible: One Man's Rescue Mission That Changed the Course of WWII* (New York: Hachette Books, 2016), 26-30.

⁴² Tony Dedal, *Wings Over the Philippines* (Quezon City: New Day Publishers, 2008), 67.

⁴³ Hernando Abaya, *The CLU Story: 50 Years of Struggle for Civil Liberties* (Quezon City: New Day Publishers, 1987), 54.

⁴⁴ Scott Baron, *Valor of Many Stripes: Remarkable Americans in World War II* (North Carolina: McFarland, 2019), 21.

“At noon on that cool, cloudy day at the La Loma Cemetery on the north-east outskirts of the city, one of the trucks unloaded its cargo. Japanese guards led fifteen hooded men, including Colonels Martin Moses and Arthur “Maxie” Noble, inside the walls. They closed the cemetery gates. A passerby heard a series of shots”⁴⁵

Bukod dito, nabanggit din sa tala ni Elizabeth Vaughen isang bilanggo ng UST *Internment Camp* sa kanyang talaarawan na, “*No one speaks of escape*” sa kamay ng mga Hapones. Mayroong dalawang bilanggo ang sumubok na tumakas, ngunit sila ay muling nadakip at dinala sa sementeryo ng La Loma upang pagmalupitan kasama ang iba pang bihag upang gawing saksi sa kaparusahan na gagawin sa mga ito. Naghukay ang mga Hapones ng lilibingan sa mga ito at tinakpan ang kanilang mga mata saka ito binaril. Ang pangyayaring ito ay nagbigay ng takot sa mga nakasaksi at bihag ng mga Hapones sa UST nang panahong iyon.⁴⁶ Bukod sa lugar ng karahasan, tiniyak din ng mga Hapones na magagamit nila ang nakamkam na kampo upang matalo nang tuluyan ang mga Amerikano sa pamamagitan ng paggamit ng iba’t ibang pasilidad sa sementeryo. Sa tuwing may engkwentro mula sa dalawang pwersa, ang mga libingan at museleo ng La Loma ay nagsilbing proteksyon at perpektong taguan laban sa pamamaril ng mga Amerikano.⁴⁷ Sa kasagsagan ng digmaan, naging desperado ang mga sundalong Hapones na manalo laban sa mga Amerikano. Inialis nila ang mga laman ng mga nitso upang magamit ang mga ito bilang taguan ng mga armas.⁴⁸ Naglagay rin ng mga nakamamatay na mga patibong ang mga Hapones sa loob ng kapilya. Sa kasamaang palad, isa ang namatay sa patibong na ginawa ng mga Hapones sa loob ng Kapilya ng La Loma.⁴⁹ Sa panig naman ng mga Amerikano ay sinubukan nilang alisin ang libu-libong mga *land mine* na itinanim ng mga Hapones sa paligid ng sementeryo. Nakapaghukay rin ang mga ito ng mga *pillbox* na naglalaman ng tatlong 25 mm *automatic cannons*. Ito ay inilibing kasama ng mga naglalakihang nitso at nilagyan ng mga bulaklak at krus sa itaas nito upang matakpan at hindi

⁴⁵ Malcolm Decker, *From Bataan to Safety: The Rescue of 104 American Soldiers in the Philippines* (North Carolina: McFarland, 2008), 153.

⁴⁶ James M. Scott, *RAMPAGE: MacArthur, Yamashita and the Battle of Manila* (New York: W. W. Norton & Company, 2018), 104.

⁴⁷ John A. Del Gallego, *The Liberation of Manila: 28 Days of Carnage, February-March 1945*. (North Carolina: McFarland, 2020), 93.

⁴⁸ Carmen Navarro Pedrosa, *Untold Story of Imelda Marcos* (Rizal:Tandem Publishing Company and Philippine Graphic Arts, Inc., 1969), 81.

⁴⁹ Scott, *Rampage*, 433.

matuklasan.⁵⁰ Nang mabawi ng pwersang Amerikano/Pilipino ang La Loma sa pwersa ng mga Hapones ay nagsilbing senyales ito sa nalalapit na tagumpay sa pagwasak sa pwersa ng mga Hapones sa Maynila. Makikita ang bakas ng mga labanan sa mga *artillery gun* ng mga Hapon na naiwan sa sementeryo⁵¹ kasama ang mga labi ng higit isang libong pinatay na mga rebelde.⁵² Makikita sa Larawan 12 ang naiwang *anti-aircraft gun* sa loob ng sementeryo.



Larawan 12. Personal na kuha ng awtor sa kanyang kaibigan na si Emman Cadiamat sa *Anti-aircraft gun* ng mga Hapon sa sementeryo ng La Loma.

Dahil sa naging mga labanan sa La Loma ay maraming nasirang mga nitso at ilang mga gusali sa loob ng sementeryo. Ngunit nagpatuloy pa rin ang gampanin ng sementeryo bilang isa sa mga pangunahing sementeryo sa Maynila. Mas lumawak pa ang sakop ng sementeryo hanggang sa lungsod ng Kalookan at Lungsod Quezon upang matugunan ang pangangailangan ng Kamaynilaan ng paglalagyan ng mga bangkay ng yumao at nagdagdag din ng ilang pasilidad upang maging maayos pa rin ang kondisyon ng sementeryo ng La Loma pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

⁵⁰ Scott, *Rampage*, 318-319.

⁵¹ "Our Heritage and the Departed: A Cemeteries Tour" Malacañan Presidential Museum and Library, huling inayos noong Dis. 22, 2013. <https://archive.md/AT98j>.

⁵² Ralf Rivas, "History at stake: P1,000 redesign angers World War II heroes' families" Rappler, huling inayos noong Dis. 12, 2021, <https://www.rappler.com/business/peso-bill-redesign-angers-world-war-ii-heroes-families/>.

IV. KONKLUSYON

Hayag na makikita sa kasaysayan ng sementeryo ng La Loma ang malalim na gampanin ng mga sementeryo sa lipunang Pilipino pagdating sa pagpapanatili ng kaayusang panlipunan, pagsasaayos ng kalagayang pangkalusugan at pagpapayabong ng kultura sa paglilibing. Nakatahi sa naratibong pangkasaysayan nito ang iba't ibang karanasan at tugon ng mga Pilipino sa mga kolonisador sa iba't ibang mga suliraning kinaharap ng bansa mula sa iba't ibang yugto ng kasaysayan nito. Mula sa mga pangyayaring ito ay natunghayan ang pagpapalit ng imahen o/at kabuluhan ng sementeryo ng La Loma batay sa pangangailangan ng Kamaynilaan na mabigyang solusyon ang iba't ibang mga suliraning kinahaharap noong panahong iyon, na mahalagang maisalaysay upang hindi mawaglit ang naging gampanin ng sementeryo sa kaayusan ng lipunang Pilipino. Malinaw na makikita sa naratibo ang naging pagpapahalaga ng mga Pilipino at mga mananakop sa impraestrakturang ito dahil sa estratehikong lokasyon na magagamit sa iba't ibang mga proyektong kolonyal para sa interes ng mga Pilipino o ng mga mananakop. Ngunit, hindi rin maitataggi na sa kasalukuyang panahon ay nakalimutan na ng nakararami ang naging halaga ng mga sementeryo sa lokal na kasaysayan ng Maynila pati na rin sa pambansang kasaysayan ng Pilipinas. Dahil sa kabi-kabilang proyektong panlungsod na nakatuon sa modernisasyon, nakalimutan na ang mga lumang sementeryo sa Kamaynilaan na naging sanhi sa pagkasira ng mga ito. Mahalaga na muling maitampok bilang paksa ang naging kabuluhan ng sementeryo ng La Loma sa kasalukuyang henerasyon upang hindi ito matulad sa iba pang mga lumang sementeryo na nasira na lamang, nawala sa alaala ng mga mamamayan o kaya ay ginawang komersyal na lamang ang mga espasyo ng mga lupaing ito upang mapakinabangan. Isang paraan din ito upang maipaunawa sa mga Pilipino na bahagi ang mga sementeryo sa pagpapayabong ng identidad ng lahing Pilipino na mayroong malalim na pagpapahalaga sa mga yumao at pinaglalagakan ng mga ito. Mahalaga rin na maisulat at maitampok sa kasaysayang lokal at pambansang historiograpiya ang naging tunguhin ng iba pang mga sementeryo sa kapuluan lalo't ang bawat sementeryo ay may sariling kwento batay sa konteksto ng mga pangyayari sa lugar kung saan ito nakatayo o/at itinayo. Sapagkat nakapaloob sa mga plano, pasilidad, at bilang ng mga yumaong nailibing sa mga espasyong ito ang naging karanasan at suliranin kinaharap ng bayan o/at lungsod sa panahong iyon na bahagi sa naging pag-unlad at estado ng mga ito sa kasalukuyang panahon. Sa huli, nais ng pananaliksik na ito na mag-iwan ng isang hamon para sa mga historyador at may interes sa araling sementeryo na maisamadla ang gampanin ng mga

impraestrakturang sementeryo sa pagpapanatili ng kaayusan at pagpapayabong ng kulturang Pilipino upang hindi mawaglit ang naging saysay nito sa ating pagkakakilanlan bilang isang lahi. Mahalaga na maisulat ang kanilang mga kasaysayan bago ito tuluyang masira at makalimutan na lamang ng mga taong bahagi ng espasyo nito. Ang kasalukuyang estado ng mga sementeryo sa Pilipinas ay para ding kondisyon ng disiplinang kasaysayan na naghihintay lamang na bigyan ito ng pagkakataon na muling mapansin, mailahad at mailapat ang mga aral sa kwento nito sa ating buhay upang lubos na maunawaan ang dimensyon ng pagkakakilanlang Pilipino na nakaranas ng iba't ibang mga suliranin na sumubok sa katatagan nito bilang isang lahi. *

MGA SANGGUNIAN

Mga Primaryang Batis

A. Mga Ulat at Plano para sa sementeryo ng La Loma

Carranceja Vicente at Raminez Marcelo. Corregimiento de la Ciudad de Manila. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

_____. Islas Filipinas, Inspeccion General Obras Publicas. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Carta de Don Jose de Antelo de la Subdelegacion de Medicina y Cirugia de la Provincia de Manila. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Carta de Vicente Barrantes al Gobernador General Vice Real Patrono. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Circulares y decretos relativos a Cementerios. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Corregimiento de la M.N.Y.S.L Ciudad de Manila. *En cumplimiento de Acuerdo del exmo Ayuntamiento en Cabolio Ordinario del dia de ayer romitase este espediente al Arquitecto municipal para que forme proyecto plano y presupuesto de la construccion del nuevo cementerio en la forma acordado en el decreto de este Corregimiento de 11 de Noviembre de 1864= Hagase saber ala Comision nombrada para efectuar la demarcacion del terreno necesario para la construccion del referido cementerio ala que se asvecara el Sor Corrigidor y los dos Alcaldes, pwesda ala designacion y demarcacion del mism , previo reconveimiento de los sitios presupuesto. Ascarraga. Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.*

de Aldeva, Ybanez. Corregimiento de la M.N.Y.S.L Ciudad de Manila 5 de Setiembre de 1865. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento en Cabildo ordinario celebrado el dia 10 de actual pase este espediente con sus antecedentes y planos al Sr. Regifor D. Zoilo Ybanez de Aldeida.

Vives. Inspeccion General de Obras Publicas. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

de Paula Roderada, Francisco. Programa de los edificios y departamentos que ha de contener el Nuevo cementerio general de Manila en proyecto. Direccion de Admin y Fomento. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

_____. Ynspeccion del cementerio de dilao, Adjunto tengo el gusto de acompanar una mocion, con objeto de que si a V.E parece conveniete, se sirva disponer se de cuenta al Exmo. Ayuntamiento en la primera session que celebre. Dios que a V.E un Manila 19 de Febrero de 1881. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

de Verena, Br. Juan Antonio. Sr. Gobernador Civil de provincial de Manila, Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Decretos sobre cementerio. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Dictamen de la comision para informar en el Proyecto de Reglamento presentado por el Exmo. Ayuntamiento para la fundacion de un Nuevo cementerio en la jurisdiccion de Manila. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Enriquez, Manuel. Corregimiento de la M.N. y S. L Ciudad de Manila. Exmo. Sr. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

_____. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento en cabildo ordinario del dia 23 del actual, y deseando se realice a la mayor brevedad posible tan importante proyecto sobre la construccion de un nuevo cementerio en esta capital, remitase al Fr. Regidor D. Francisco de P. Roderada, para que en uncion del arquitecto municipal, y previo un detenido examen del mismo, se sirva emitir su dictamen. Direccion de

Admin y Fornento. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

_____. Yslas Filipinas Ynspeccion General de Obras Publicas No. 47 con fecha 10 del pasado mes de Abril comunico esta Ynspeccion General. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Expediente se da cuenta de las mas condiciones del actual cementerio de La Loma y se consulta una solucion interina respect a tan importante asunto. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Gobernador Superior Civil. *Corregimiento de la M.N.Y.S. L Ciudad de Manila, Manila 7 de Mayo de 1865. Islas Filipinas, Inspeccion General de Obras Publicas.* Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Gobierno General de Filipinas. *Acusado recibo del telegram del ministerio de ultramar relative dela construccion del Nuevo cementerio general de esta capital y dando cuenta de las medidas para realizar los primeros trabajos.* Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Inspeccion General de Obras Publicas. Aprobación del proyecto de construcción de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Proyecto de un cementerio general para Jolo. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Suenda, Enrique. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento en Cabilao ordinario del dia de ayer en que ha sido aprobado el precedente informe remitase este espediente al arquitecto municipal para la formacion de presupuesto detallado de la obra de construccion a que se refiere el mismo. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

_____. En cumplimiento de acuerdo del Exmo. Ayuntamiento con vista del precedente informe do los Señores Carraanceja y Ramirez. Aprobacion del

proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Ulloa, Antonio. Direccion de Obras del Exmo. Ayuntamiento de Manila. generales aprobadas por Real Decreto de 25 de Diciembre de 1864, debegan regir en la ejecucion de las obras de construccion de un nuevo cementerio para esta Capital. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

_____. Memoria en cumplimiento de acuerdo del Exmo Ayuntamiento de fecha 23 de marzo, Manila 21 de Pebrero de 1882. Direccion de Admin y Fornento. Aprobacion del proyecto de construccion de un nuevo cementerio en Manila, Archivo Historico Nacional, Madrid.

Yncidente para la habilitacion de los nichos del Cementerio de la Parroquia del arrabal de Sampaloc. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

Yncidente promovido por el Gobernador Civil esta provincial en solicitud de informe sobre el lugar que ocupan los cementerios enclavados dentro del radio municipal y la seguridad que para evitar profanaciones. Cementerios, Philippine National Archives, Manila.

B. Mga Taunang Ulat ng Iba't ibang Ahensya ng Pamahalaan noong Panahon ng mga Amerikano

Heiser, Victor. *Annual Report of the Bureau of Health for the Philippine Islands for the Fiscal year ended June 30, 1907*. Manila: Bureau of Public Printing, 1907.

_____. *Annual Report of the Bureau of Health for the Philippine Islands from July 1, 1909 to June 30, 1910*. Manila: Bureau of Public Printing, 1910.

Herman, Colonel Frederick. *The Forty-Second Foot, A History of the Forty-Second Regiment of Infantry United States Volunteers*. New York: Historian of the Association, 1901.

Otis, E.S. *Annual Report of Major General E.S. Otis, U.S. Volunteers, Commanding, Department of the Pacific and 8th Army Corps. Military Governor in the Philippine Islands, Exhibit M*. Manila: Bureau of Public Printing, 1901.

Philippine Commission. *Third Annual Report. Bureau of Insular Affairs, War Department*. Washington: Government Printing Office, 1902.

_____. *Fourth Annual Report. Bureau of Insular Affairs, War Department, Part 1, Exhibit D*. Washington: Government Printing Office, 1903.

_____. *Public Laws passed by the Philippine Commission, During the Period from September 1, 1903 to August 31, 1904, Compromising Act Nos. 863 to 1225*. Washington: Government Printing Office, 1905.

_____. *Annual Reports of the War Department for the Fiscal Year ended June 30, 1906. Report of the Philippine Commission, Vol. IX, Part 3*. Washington: Government Printing Office, 1907.

_____. *Acts of the Philippine Commission [Nos. 1408 to 1538, inclusive] and Public Resolutions, etc. from October 19, 1905 to September 15, 1906. Bureau of Insular Affairs War Department*. Washington: Government Printing Office, 1905.

Report of the Municipal Board of the City of Manila, 1905. *Annual Report of the Municipal Board*. Manila: Bureau of Printing, 1905.

Report of the Philippine Commission to the President. *Rules and Regulations for the Government of Cemeteries, Vol. 1*. Manila: Bureau of Public Printing, 1902.

II. Sekondaryang Batis

A. Mga Aklat

Abaya, Hernando. *The Clu Story: 50 Years of Struggle for Civil Liberties*. Quezon City: New Day Publishers, 1987.

Alarcon, Norma. *Philippine Architecture during the Pre-Spanish and Spanish Periods*. Manila: University of Santo Tomas, 1991.

Baron, Scott. *Valor of Many Stripes: Remarkable Americans in World War II*. Jefferson, NC: McFarland & Company, Inc., Publishers, 2019.

- Barretto-Tesoro, Grace. *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016.
- Bevoise, De Ken. *Agents of Apocalypse Epidemic Disease in the Colonial Philippines*. Princeton: Princeton University Press, 1995.
- Bruning, John. *Indestructible: One Man's Rescue Mission That Changed the Course of WWII*. New York: Hachette Books, 2017.
- de Quesada, Alejandro. *The Spanish-American War and Philippine Insurrection 1898-1902*. Oxford: Osprey Publishing, 2007.
- Dery, Luis Camara. *Pestilence in the Philippines: A Social History of the Filipino People, 1571-1800*. Quezon City, Philippines: New Day Publishers, 2006.
- Kohn, George, at Burns, William. *Encyclopedia of Plague and Pestilence: From Ancient Times to the Present*. New York: Facts on File, 2008.
- Gaerlan, Martin. *A Requiem for Cementerio Balic-Balic, Sampaloc, Manila (1884-1925)*. Quezon City: Central Books, 2014.
- Javellana, Rene. *Fortress of Empire: Spanish Colonial Fortification of the Philippines 1565-1898*. Makati: Bookmarck, 1997.
- Klassen, Winand. *Architecture in the Philippines: Filipino Building in a Cross-Cultural Context*. Cebu City: University of San Carlos Press, 2010.
- Lico, Gerard. *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2008.
- Linn, Brian McAllister, *The Philippine War, 1899-1902*. Lawrence: University Press of Kansas, 2000.
- Lubang, Jeffrey. *Pantyon: Ilang Pamahiin, Tradisyon, at Kuwento ng Paglilibing sa Kabite*. Manila: IGE Ramos Design Studio, 2017.
- Malcolm, Decker. *From Bataan to Safety: The Rescue of 104 American Soldiers in the Philippines*. North Carolina: McFarland, 2008.

Quesada, Alejandro. *The Spanish-American War and Philippine Insurrection 1898-1902*. Osprey Publishing Ltd, 2007.

Scott, James. *RAMPAGE: MacArthur, Yamashita and the Battle of Manila*. New York: W. W. Norton & Company, 2018.

B. Mga Dyornal

Cruz, Isagani. "The Social, Political and Cultural Life of Manila in the 19th Century," *Manila: History, People and Culture* (1989): 408-16.

Dakudao, Michaelangelo. "The Development of Cemeteries in Manila before 1941," *Philippine Quarterly of Culture and Society* 20 (1992): 133-150.

De Viana, Lorelei. "Public Sanitation and Cemeteries in 19th Century Manila," *Unitas*, 77, no. 1 (2004): 87-132.

Lopez del Castillo-Noche, Manuel Maximo, "Nacio Fallecio: The Art and Architecture of Spanish Colonial Baptistery and Cemeteries in the Philippines," *Unitas*, 78, no. 1 (2005): 66.

Orillos-Juan, Ma. Florina. "Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling Pangkapaligiran Sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin," *Saliksik: E-Journal* 5, no. 1 (2016): 1-43.

Reyes, Joan Tara. "Ginhawa Mula Sa Patay: Isang Pag-Aaral Sa Kahalagahan Ng Katawan Sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw Sa Mga Ifugao at Kankanay," *ISIP: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino* (2011): 237-79.

Ubaldo, Lars Raymund. "Kamalayan Sa Kamatayan Ng Mga Tagalog: Pananaw Mula Sa Kasaysayan," *The Scholastic Review* 2, no. 3 (2009): 66-75.

C. Mga Websayt

Arzobispado de Manila. “Estracto de la noticas recibidas de los curas parrocos del Arzobispado, relativas a los quebrantos sufridos por sus respectivas iglesias y casas paproquiales a consecuencia del terrible terremoto de la noche del 3 de Junio de 1868.” Inakses noong Mayo 09, 2017. http://archives.observatory.ph/english/get_detailed.php?code=EAR%20S1%20028&title=Estracto%20de%20la%20noticas%20recibidas%20de%20los%20curas%20parrocos%20del%20Arzobis%20pado,%20relativas%20a%20los%20quebrantos%20sufridos%20por%2

Biblioteca Digital Hispánica. “El sitio de Manila: memorias de un voluntario Juan y José Toral.” Inakses noong Okt. 16, 2022. <http://bdh.bne.es/bnearch/detalle/1884629>.

- Diocese of Kalookan. "San Pancracio Parish History. [https://dioceseofkalookan.ph/dok-san-pancratio-parish/Cemeteries, Columbaries and Ossuary.](https://dioceseofkalookan.ph/dok-san-pancratio-parish/Cemeteries,Columbaries%20and%20Ossuary)" Inakses noong Okt. 23, 2022. <https://dioceseofkalookan.ph/dok-cemeteries-columbaries-and-ossuary/>
- Gaerlan, Martin. "Cholera". Inakses noong Enero 29, 2017. <https://curatormuseo.wordpress.com/2012/01/14/cholera-doctors-in-spanish-colonial-philippines-archival-index-part-4/>
- _____. "Sampaloc During the 1882 Cholera Epidemic". Inakses noong Enero 29, 2017. <https://curatormuseo.wordpress.com/2006/08/15/sampaloc-during-the-1882-cholera-epidemic/>
- Ibasco, James. "New Administrative Policies and New Service Policies and Procedures of La Loma Cemetery". Inakses noong Okt. 23, 2022. <https://jamesibasco.tripod.com/policies.html#services>.
- Jose, Ricardo. "Crushed Jewels A Look into the Japanese Side of the Battle of Manila by Ricardo Trota Jose from The Murillo Bulletin Special World War II Issue by PHIMCOS. 2020." Inakses noong Okt. 20, 2022. https://issuu.com/philmapsociety/docs/the_murillo_bulletin_w_wii_special_issue.final.v4_-_s/11965379
- Malacañan Presidential Museum and Library. "Our Heritage and the Departed: A Cemeteries Tour | Presidential Museum and Library. Presidential Museum and Library. 2012." Inakses noong Okt. 20, 2022. <http://malacanang.gov.ph/undas-2012-a-cemeteries-tour/Malacura>